# Si Krukay At Ang Manok Ni Tatay

Sinulat ni: **Genevir P. Patron**
Ginuhit ni: **John Kerk O. Manalo**
Edited by: **Joseph J. Cristobal**

Makikita si Krukay na malungkot na nakaupo sa isang sanga ng putol na puno sa malawak na baybayin ng Mandong malapit sa kuweba ng Ob-ob. Nilapitan siya ng kanyang nanay Estela at tinanong, "Krukay, ano ang iniisip mo?" matagal bago nakasagot si Krukay. "Wala naman po Nanay, naisip ko lang kung kailan magbabago si Tatay sa pagsasabong, patuloy tayong naghihirap dahil sa kanyang bisyo."

Pauwi pa lang si Krukay nang kanyang marinig ang malakas na tunog ng nababasag na pinggan at baso dahil sa paghagis ng kanyang Tatay. "Krukay, anak, huwag ka munang dumiretso sa bahay natin, mainit na naman ang ulo ng Tatay mo dahil sa pagkatalo sa sabong," naiiyak na sabi ng kanyang Nanay Estela. Dali-daling tumakbo si Krukay papunta sa kulungan ng mga manok sabay sabing, "Mas mahal pa kayo ni Tatay kaysa sa amin, sana naging isang manok na lang din siya."



Noong sumunod na araw, nangyari na naman ang kinatatakutan ni Krukay. "Krukay, anak, pumasok ka muna sa paaralan na walang baon ha, kinuha kasi at inubos sa pagsasabong  ng Tatay mo ang nakatago kong pera," ang sabi ni Nanay Estela. Walang nagawa si Krukay, malungkot na napatakbo palabas ng bahay. Muli, nadaanan niya ang mga alagang manok ng kanyang tatay. "Mas mahal pa kayo ni Tatay kaysa sa amin, sana maging isang manok na lang din siya," sambit muli ni Krukay.

Dumating ang araw na nagkasakit ang nanay ni Krukay at hindi niya malaman kung kanino hihingi ng tulong. Lumapit siya sa kulungan ng mga manok at kinausap, "Ngayong may sakit na si Nanay, wala kaming perang pambili ng gamot dahil mas ginagastusan pa kayo ni Tatay, sana naging katulad niyo na lang din siya." Napatingin sa kanya ang alagang manok at nakita niya ang pagkinang ng mga mata nito.

